ANG PAGSIMULA NG ISANG NEGOSYO

Maraming tao ang nagsisimula ng maliit na negosyo upang mag-enjoy sa pagsasarili, gamit ang kanilang mga sariling ideya, o upang magsubok ng isang bagong bagay.

Bago ka magsimula, tasahan muna ang iyong mga ideya at alamin ang resources na kakailanganin mo upang magtagumpay ang negosyo.

ANG IDEYA

Kung iniisip mo kung anong klaseng negosyo ang sisimulan, isipin ang iyong mga hobby at mga kagustuhan, at pati na ang iyong karanasan at background.

Kung mayroon ka ng ideya sa negosyo, siguraduhing may pangangailangan para sa produkto/serbisyo na iyong iaalok at na kaya mong tugunan ang kagustuhan ng customer.

ANG PLANO

Ang matatag na business plan ay isang mahalagang bahagi sa pagsimula at pagpapalakad ng isang negosyo. Inilalarawan nito ang iyong negosyo, ang mga layunin at mga istratehiya nito, ang market na iyong tinatarget, at ang iyong financial forecast. Tinutulungan ka ng isang business plan na magtakdâ ng mga layunin, makakuha ng pondo, linawin ang mga kinakailangan sa pagpapatakbo, at itatag ang mga makatwirang forecast sa pagpopondo.

Ang pagsulat ng isang plan ay makakatulong din sa iyo na mag-focus sa kung paano patatakbuhin ang iyong bagong negosyo at bigyan ito ng pinakamahusay na pagkakataong magtagumpay. Tanungin ang iyong sarili ng mga sumusunod na katanungan:

- Sino ang aking mga customer?
- Paano ko maaabot ang aking customer?
- Sino ang aking kakompetensya?
- Paano ko prepresyuhan ang aking produkto o serbisyo?

Acclr, par le biais de son service d'intelligence d'affaires, reçoit le soutien financier de Développement économique Canada pour les régions du Québec et est membre du Réseau Entreprises Canada.

Acclr, through its business intelligence department, receives financial support from Canada Economic Development for Quebec Regions and is a member of the Canada Business Network.

Développement économique Canada pour les régions du Québec
Canada Economic Development for Quebec Regions

ANG PROSESO

Kapag naunawaan ang mga kinakailangan upang magsimula ng isang negosyo, mas madaling kumita kaysa sa malugi. Alamin ang iyong mga responsibilidad bilang may-ari ng negosyo, kabilang ang:

- mga lisensiya
- mga permit
- pagrehistro
- mga pamantayan para sa trabaho
- mga buwis